Mga Tuntuning Partikular sa Produktong Mga Serbisyo ng Adobe Acrobat (Mga API ng DC)

Na-publish noong Nobyembre 19, 2024.

Saklaw ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang iyong paggamit ng Mga Serbisyo ng Adobe Acrobat, at nakalagay rin ang mga ito sa Mga Pangkalahatang Tuntunin sa Paggamit ng Adobe ("**Mga Pangkalahatang Tuntunin**") na makikita sa www.adobe.com/go/terms_ph. Ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto at ang Mga Pangkalahatang Tuntunin ay sama-samang tinatawag na "**Mga Tuntunin.**" Ang mga naka-capitalize na terminong hindi binigyang-kahulugan dito ay may kahulugang tulad rin ng tinutukoy sa Mga Pangkalahatang Tuntunin. Sakaling magkaroon ng di-pagkakatugma sa pagitan ng Mga Pangkalahatang Tuntunin at ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito, ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang masusunod.

Saklaw ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito ang pag-access at paggamit ng isang Negosyo sa Document Cloud Services. Kung ina-access at ginagamit mo ang mga SDK o API ng Document Cloud sa pamamagitan ng mga Libreng Tier na kredensyal mula sa developer site ng Adobe, sasaklawin ng Mga Tuntunin ng Paggamit ng Adobe Developer ang iyong pag-access at paggamit, at hindi ng Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito.

1. Mga Kahulugan.

1.1 Ang ibig sabihin ng "**API**" ay ang application programming interface, na isang set ng mga routine, protocol, at tool na tumutukoy kung paano gumagana ang mga software component. Maaaring tukuyin ang mga API sa mga header file, mga JAR file, mga SDK plug-in API ayon sa tinutukoy sa mga header file at ipinapakita sa halimbawang code ng plug-in at nauugnay na impormasyong nasa object code format, at/o bilang mga library na isinama ng Adobe bilang bahagi ng SDK para isama nang hindi binabago sa Iyong Software na pinatatakbo kasabay ng Document Cloud Services.

1.2 Ang ibig sabihin ng "**Dokumento**" ay ang kinakalabasang digital output mula sa isang Operation.

1.3 Ang ibig sabihin ng "**Document Cloud Services**" ay ilang partikular na solution na pangdokumento na ginagawang available ng Adobe sa publiko na nagbibigay-daan sa paggamit at pag-access ng malawak na hanay ng mga functionality ng PDF at iba pang mga kapabilidad sa dokumento sa pamamagitan ng mga SDK at Service API, kasama nang walang limitasyon ang PDF Services API.

1.4 Ang ibig sabihin ng "**Transaksyon ng Dokumento**" ay ang unang endpoint request (ibig sabihin, ang API call) para sa pag-execute ng isang Operation na gagawa ng isang Dokumento. Para sa mga layunin ng isang Transaksyon ng Dokumento, ang ibig sabihin ng isang "**pahina**" ay ang hinati-hati o hiniwa-hiwalay na papel ng isang Dokumento, sa anumang partikular na uri ng file (halimbawa, DOCX, PPTX, PDF, atbp.), na ipinapakita nang parang pisikal na output ng pag-print.

1.5 Ang ibig sabihin ng "**Operation**" ay ang anuman sa mga functionality at kapabilidad ng Document Cloud Services na available sa talahanayan ng Transaksyon ng Dokumento (na makikita sa www.adobe.com/go/dcsdk_doc_services_meter_ph o sa pamalit na site nito), at alinsunod sa mga sukat at limitasyon sa paggamit doon.

1.6 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) SDK**" ay ang (mga) software development kit na ginagawang available ng Adobe sa publiko para sa Document Cloud Services sa pamamagitan ng Adobe developer portal na makikita sa https://developer.adobe.com/ o sa pamalit na site nito.

1.7 Ang ibig sabihin ng "**(Mga) Service API**" ay ang (mga) API para sa pag-call o paggawa ng mga request sa Document Cloud Services na ginagawang available ng Adobe sa publiko sa pamamagitan ng Adobe developer portal na makikita sa https://developer.adobe.com/ o sa pamalit na site nito.

1.8 Ang ibig sabihin ng "**Iyong Software**" ay anumang software application, program, o iba pang teknolohiyang dine-develop mo gamit ang (mga) SDK o (mga) Service API, at (A) nilalayong i-access, paganahin o patakbukin kasabay ng sa Document Cloud Services, at (B) magdagdag ng malaking functionality at value na lampas pa sa mismong Document Cloud Services. Para mas malinaw, ang Iyong Software ay maaaring binubuo ng iyong hosted na serbisyong pinatatakbo kasabay ng Document Cloud Services.

1.9 Ang ibig sabihin ng **"Iyong User"** ay sinumang indibidwal na gumagamit sa Iyong Software o may account na pinayagang hindi direktang i-access at gamitin ang Document Cloud Services sa pamamagitan ng Iyong Software.

2. Termino at Pagwawakas.

2.1 Ipapataw ang Mga Tuntuning Partikular sa Produkto na ito hanggang sa wakasan mo o namin, tulad ng nakatakda sa Mga Tuntunin.

2.2 Bukod pa sa mga probisyon ng "Survival (Pagpapatuloy)" ng Mga Pangkalahatang Tuntunin, ang mga probisyon hinggil sa termino at pagwawakas, mga tuntuning partikular sa serbisyo, seguridad, at ang iyong mga obligasyong may kinalaman sa personal na impormasyon ng mga end user ay magpapatuloy sa kabila ng anumang pagpapawalang-bisa o pagwawakas ng Mga Tuntunin.

3. Personal na Impormasyon ng Iyong Mga User.

3.1 **Ang Iyong Mga Responsibilidad**. Sa pagitan mo at namin, tanging ikaw ang may responsibilidad para sa lahat ng personal na impormasyon ng Iyong Mga User na gagamitin at isusumite kaugnay ng Document Cloud Services. Dapat mong gawin ang sumusunod:

(A) sundin ang lahat ng batas at regulasyon sa pagprotekta ng data na angkop sa personal na impormasyon ng Iyong Mga User, kasama na ang pagkuha at pagpapanatili ng pahintulot, kung saan kailangan; at

(B) ipawalang-sala kami laban sa anumang paghahabol, kaso, o pagdinig na isinampa sa amin ng isang third party o ng Iyong User kaugnay ng anumang pagkilos o hindi pagkilos hinggil sa personal na impormasyon ng Iyong Mga User.

3.2 **Sensitibong Personal na Impormasyon ng Iyong Mga User**. Ang seksiyong Sensitibong Personal na Impormasyon ng Mga Pangkalahatang Tuntunin ay hindi ipinapataw sa mga content ng mga file na ina-upload mo sa, o ipinoproseso gamit ang, Document Cloud Services. Kaugnay ng iyong paggamit sa Document Cloud Services:

(A) Tanging ikaw ang may responsibilidad na sundin ang anumang angkop na batas at regulasyon sa privacy na sumasaklaw sa pagpoproseso ng Sensitibong Personal na Impormasyon. Bilang iyong service provider, maaari kaming magbigay ng ilang functionality sa loob ng Document Cloud Services para tulungan kang sumunod sa mga kinakailangan, pero ikaw ang may responsibilidad na magpatakbo ng functionality sa paraang sumusunod sa batas;

(B) Tanging ikaw ang may responsibilidad para sundin ang Children's Online Privacy Protection Act of 1998, kung angkop, kasama na rito ang hindi pagkolekta ng impormasyon mula sa mga batang wala pang labintatlong gulang nang hindi muna kumukuha ng pahintulot mula sa magulang;

(C) Hindi ka dapat mangolekta, magproseso, o magtabi ng anumang protektadong impormasyong pangkalusugan, electronic man o hindi, alinsunod sa Health Insurance Portability and Accountability Act at sa Health Information Technology for Economic and Clinical Health; at

(D) Tanging ikaw ang may responsibilidad na sundin ang Payment Card Industry Data Security Standard ("PCI DSS"), kung angkop. Ipinagbabawal ng PCI DSS ang paggamit ng Document Cloud Services para magtabi ng Sensitibong Data ng Pag-authenticate, kasama na ang Card Verification Code o Value pagkatapos ng pag-awtorisa, kahit na naka-encrypt. Ang mga naka-capitalize na termino sa seksiyong ito ay tinutukoy sa PCI DSS.

4. Pagkakaloob ng Lisensya at Mga Paghihigpit.

4.1 **Pagkakaloob ng Lisensya.**

(A) Sa panahon ng iyong lisensya, pinagkakalooban ka ng Adobe ng hindi eksklusibo at hindi naililipat na lisensyang gamitin ang Document Cloud Services Cloud (kabilang ang mga SDK at Service API) para sa tanging layunin ng pagbuo ng (mga) integration sa Iyong Software para sa Iyong Mga User, kung saan may partikular na functionality at kapabilidad ng Document Cloud Services na naka-embed at/o naka-integrate sa Iyong Software.

(B) Sa panahon ng iyong lisensya, pagkakalooban ka ng access sa Document Cloud Services para sa mga biniling Lisensyadong Transaksyon, alinsunod sa talahanayan ng mga sukatan at limitasyon sa paggamit ng Mga Operation na makikita sa https://developer.adobe.com/document-services/docs/overview/limits/. Ang anumang Mga Transaksyon ng Dokumento na magagamit sa panahon ng lisensya nang lampas sa Mga Lisensyadong Transaksyon ay dapat munang bilhin. Ang ibig sabihin ng "**Mga Lisensyadong Transaksyon**" ay ang dami ng Mga Transaksyon ng Dokumento na nilisensya mo.

4.2 **Mga Paghihigpit sa Lisensya.** Ang saklaw ng lisensya ay nalilimitahan ng mga sumusunod na kinakailangan at paghihigpit:

(A) Pinagbabawalan kang ipamahagi, i-host, i-sublicense, ialok, ipa-access o gawing available ang Document Cloud Services o anuman sa mga component nito bilang isang stand-alone na application, produkto, o serbisyo. Hindi mo maaaring payagan ang Iyong Mga User na gamitin ang mga SDK, (mga) Services API, at ang Document Cloud Services sa labas ng Iyong Software.

(B) Dapat kang gumamit ng suportadong bersyon ng mga SDK at Service API. Kapag inabisuhan ng Adobe na may release ng isang update o patch sa mga SDK o Service API, agaran mong patatakbuhin at gagamitin ang pinakabagong bersyon ng mga SDK o Service API, kung angkop, nang Ikaw ang gagastos. Kapag hindi nakapagpatakbo at nakagamit ng isang suportadong bersyon, madi-disable ang mga Service API sa loob ng Iyong Software o higit na hihina ang seguridad.

5. Seguridad.

5.1 **Ang Iyong Mga Responsibilidad.** Responsibilidad mong i-configure at gamitin ang mga feature sa seguridad ng Document Cloud Services para matugunan ang iyong mga obligasyon sa Iyong Mga User sa ilalim ng mga angkop na batas at regulasyon sa privacy, seguridad, at pagprotekta ng data. Responsibilidad mo ang seguridad ng mga file na ini-email sa Iyong Mga User mula sa Document Cloud Services, na na-download mula sa Document Cloud Services, o inilipat sa isang system na hindi Adobe gamit ang isang feature sa pag-integrate ng Document Cloud Services. Magpapanatili kami ng mga paraan ng pag-iingat na administratibo, pisikal, at teknikal na makatwiran sa larangan ng komersiyo para tumulong na protektahan ang seguridad, pagiging kumpidensiyal, at integridad ng iyong Content na nasa ilalim ng aming direktang kontrol sa loob ng Document Cloud Services.

5.2 **Mga Certification sa Pagsunod.** Ang mga certification sa pagsunod para sa Document Cloud Services ay makikita sa https://www.adobe.com/trust/compliance/compliance-list.html o sa pamalit na website nito. Kung kailangang iproseso o itabi ang iyong Content alinsunod sa mga kinakailangan sa mga partikular na certification, pamantayan, o regulasyon sa pagsunod, maaari mo lang gamitin ang Document Cloud Services para iproseso o itabi ang Content na iyon kung ang mga kinakailangang certification, pamantayan, o regulasyon sa pagsunod ay nakalista sa website sa itaas. Para sa mga nakalistang certification, pamantayan, o regulasyon sa pagsunod, puwedeng gamitin ang Document Cloud Services sa paraang makakatulong sa iyo para tugunan ang iyong mga legal na obligasyon, kasama nang walang limitasyon ang tungkol sa paggamit ng mga service provider. Tanging ikaw ang may responsibilidad para sa (a) pag-verify na natutugunan ng Document Cloud Services ang lahat ng kinakailangang angkop sa iyong Content at (b) pagsunod sa anumang legal na obligasyong angkop sa iyong Content.

6. Maintenance at Support. Ang suporta ng SDK at Services API para sa Document Cloud Services ay saklaw ng patakaran sa versioning at pagsuporta nito na makikita sa: http://www.adobe.com/go/dcsdk_doc_services_version_ph.

7. Pagtanggap ng Iyong User sa Mga Tuntunin ng Adobe Developer. Kapag gumawa ka ng (mga) kredensyal ng developer para ma-access at magamit ng Iyong (Mga) User ang Adobe developer portal, ibig sabihin, sang-ayon ka na may awtoridad ang nasabing User na tanggapin ang Mga Tuntunin ng Adobe Developer sa ngalan ng iyong organisasyon.

8. Iba pa.

8.1 **Mga Limitasyon sa Serbisyong Panrehiyon.** Maliban kung partikular na awtorisado ng Adobe ang paggamit sa isang Pinaghihigpitang Bansa, hindi ka pinahihintulutang gamitin ang Document Cloud Services sa alinmang Pinaghihigpitang Bansa. Ang ibig sabihin ng "**Pinaghihigpitang Bansa**" ay mainland China, Russia, at anupamang bansa kung saan pinaghihigpitan ang pag-access o paggamit ayon sa mga lokal na batas.

8.2 **Pag-throttle.** Sang-ayon kang makipagtulungan sa Adobe para gumawa ng plano kung paano pangangasiwaan ang anumang pagtaas sa demand para sa mga system resource na dulot ng iyong paggamit ("**Mga Spike**"). Kasama rito, nang walang limitasyon, ang kapag naniniwala ang Adobe na ang bilang ng mga API call ay posibleng makaapekto nang negatibo sa Document Cloud Services. Kung walang ganitong pagtutulungan, sang-ayon ka na maaaring pabagalin o kaya ay ipila ng Adobe ang iyong mga transaksyong kaugnay ng Document Cloud Services para pangasiwaan ang anumang Mga Spike.

8.3 **Mga Abiso.** Pananatilihin at/o kokopyahin mo ang anumang abiso sa copyright, pagtatatwa, o iba pang abiso sa pagmamay-ari o pahayag ng attribution ng Adobe (na maaaring makita sa mga SDK o dokumentasyong ibinibigay bilang bahagi ng Document Cloud Services) sa lahat ng kopya, pagbabago, o integration ng Document Cloud Services, gaya ng makikita sa isang "Readme" file o "License" file o sa Mga Tuntunin ng Third-Party na Lisensya sa http://www.adobe.com/ph_fil/products/eula/third_party.html.

8.4 **Hindi Pag-endorso.** Hindi mo kakatawanin sa anumang third party na inendorso, kinatawan o ginarantiya ng Adobe ang performance ng Iyong Software, kasama na ang anumang nauugnay na produkto o serbisyo. Sumasang-ayon kang hindi mo inaasahang makakatanggap ka ng anumang inaasahang halaga ng kita, benta o iba pang kabayaran bilang resulta ng pagpasok mo sa Mga Tuntuning ito. Sa pagwawakas ng Mga Tuntuning ito, hindi mananagot ang Adobe para sa anumang kabayaran, panunukli, danyos, pagkalugi, o iba pang pagbabayad na mula sa mga inaasahang benta, gastusin, pamumuhunan, pag-upa, o iba pang pangako.

8.5 **Mga Kredensyal sa API.** Responsibilidad mong gumawa ng mga makatwirang hakbang para mapanatili ang seguridad at kontrol sa mga kredensyal sa API nito. Walang inaakong responsibilidad ang Adobe para sa anumang pagkaluging matatamo Mo dahil sa pagkakakompromiso ng mga kredensyal sa Iyong API.